PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**DEPARTMENT OF EDUCATION REGION III**
Matalino St., D.M.Government Center
City of San fernando (P)

# Tunay na Kaibigan




Kuwento ni:
**MARIBEL P. SANTIAGO**

Guhit ni:
**BERNARD D. LACANLALE/MICHAEL P. DY**

Layout ni:
**APOLINARIO L. LAPUZ**

# KURIKULUM WEB NG KUWENTO

**Filipino I**
**F1WG-IIc-f2**
Nakikilala nang wasto ang tauhan at iba pang pangyayari sa kuwentong narinig.




**English I**
**EN1OL-IIIb-c 1.3.3**
Talk about one's personal experiences pertaining to the family, one's pets, and personal experience

**MTB I**
**MT1OL-Ia-i-1.1**
Talk about oneself and one's personal experiences (family, pet, favorite food)

**Sa mga Mambabasa,**

Kuwento ito ng isang batang laging sinasaktan ang isang asong kalye. Ang lahat ng di magandang gawaing ito ng bata ay nagtapos nang iligtas siya ng asong kalye sa pagkalunod.

Ang mahalagang aral sa kuwentong ito ay ang pagmamahal sa hayop.

## MGA TAGA-PATNUGOT

**MARIBEL P. SANTIAGO**
MAY AKDA

**BERNARD D. LACANLALE/MICHAEL P. DY**
MGA TAGA-GUHIT

**APOLINARIO L. LAPUZ**
TAGA-LAYOUT

**CHERRY G. VINLUAN.Ed.D**
EDUCATION PROGRAM SUPERVISOR - FILIPINO ELEMENTARY/SECONDARY

**CORNELLIUS F. DUCUT**
EDUCATION PROGRAM SUPERVISOR - LRMDS

**CELIA R. LACANLALE, Ph. D.**
OIC CHIEF - CURRICULUM IMPLEMENTATION DIVISION

**LEONARDO D. ZAPANTA.Ed.D.,CESO VI**
OIC - SCHOOLS DIVISION SUPERINTENDENT

# Tunay *na* Kaibigan

Lathalain ng

**Curriculum and Learning Management Division (CLMD)**
**Learning Resource Management and Development Center (LRMDC)**
**Department of Education**
**Regional Office III**
**Division of Pampanga**
**City of San Fernando (P)**

Araw-araw ay naglalakad si Chito papasok sa paaralan. Sa dinaraanan niya ay lagi niyang nakikita ang isang asong kalye. Lagi siyang tinatahulan nito at sinusundan na parang nais na makipagkaibigan.



Ngunit si Chito ay sadyang pilyo kaya't sa tuwing ito'y susunod sa kanya, tatakbo siya papasok sa bahay at biglang isasara ang pintuan.



Iiyak ang aso at tatakbo palayo habang si Chito ay tuwang-tuwa sa ganoong kalagayan ng kawawang aso.



Nakikita siya ng kanyang mga kamag-aral. "Chito, mali ang ginawa mo. Hindi mo dapat sinasaktan ang aso," wika ng kaibigan. Tama lang sa kanya iyon. Sunod kasi nang sunod e", sagot ni Chito habang tumatawa.



Pag-uwi sa bahay ay tuwang-tuwang ikinuwento ni Chito sa kanyang ina ang ginawang panunukso sa aso. Hindi nagustuhan ng ina ang narinig. "Naku, Chito, mali ang iyong ginawa. Hindi mo dapat sinasaktan ang aso. Mayroon ding damdamin ang mga ito. Huwag mo nang uulitin iyon!," bilin ng kanyang ina.



Ngunit hindi sinunod ni Chito ang bilin ng kanyang ina, patuloy pa rin siya sa panloloko sa asong kalye.



Isang hapon ay niyaya ni Chito ang kanyang mga kaklase na maligo sa ilog. Masayang-masaya ang lahat sa paliligo. Sigaw dito, sigaw doon. Tuwang-tuwa sila. Ngunit isang pangyayari ang hindi inaasahang naganap. Pinulikat si Chito. Hindi siya makalangoy. Nalulunod na si Chito.



“Sa sobrang takot at pagkabigla ay nagsiahon ang kanyang mga kamag-aral. “Tulong! Tulong! Tulungan ninyo kami!”sigaw ng kanyang mga kamag-aral habang ang iba ay umalis upang humingi ng tulong.



Ilang sandali pa ang lumipas at biglang dumating ang asong kalye. Nakita ng aso ang nangyayari kay Chito. Lumundag ito sa ilog at itinulak ang trosong nakalutang sa gilid ng ilog papunta kay Chito. Kumapit siya sa troso at sabay silang lumangoy ng aso patungo sa pampang.



Pag-ahon ni Chito ay niyakap agad ang asong kalye. “Maraming salamat sa iyo! Iniligtas mo ang buhay ko sa kabila ng mga ginawa kong kalupitan sa iyo. Patawarin mo sana ako.”wika ni Chito habang umiiyak. “Aw! Aw! Aw!” ang tugon ng aso kay Chito.



Habang pinakakakain ni Chito ang aso ay may hiniling siya sa kanyang ina. “ Nanay, maaari po bang kupkupin na natin ang asong kalye?” hiling ni Chito sa kanyang ina. “Oo, sige dito na lang siya sa atin,” ang nakangiting tugon ng kanyang ina.



Binigyan ni Chito ng pangalan ang asong kalye, bilang si Nato. Inalagaan niya ito ng buong pagmamahal at kailanman ay hindi na niya ito sinaktan.


NATO

# Pagsasanay Bilang 1:

1. Ano ang pamagat ng kwento?
   a. Ang Magkaibigan
   b. Matalik na Magkaibigan
   c. Tunay na Kaibigan

2. Ano ang ginagawa ni Chito sa asong kalye?
   a. pinakakain
   b. pinaliliguan
   c. tinatakbuhan at sinarahan ng pintuan

3. Ano ang nangyari kay Chito ng sila ay maligo sa ilog?
   a. Nalulunod siya.
   b. Nadapa siya.
   c. Nasugatan siya.

4. Ano ang ipinangalan sa asong kalye?
   a. Nato
   b. Chito
   c. Jose

5. Ano ang aral na natutuhan mo sa kwento?
   a. Saktan ang aso.
   b. Mahalin ang mga hayop.
   c. Ipagbili ang mga aso.

This material was contextualized by the
**Curriculum and Learning Management Division (CLMD)**
**Learning Resource Management and Development Center (LRMDC)**
**Department of Education**

**DIVISION OF PAMPANGA**

**LEONARDO D. ZAPANTA,Ed.D.,CESO VI**
OIC - Schools Division Superintendent

**LEONARDO C. CANLAS,Ed.D.,CESE**
Assistant Schools Division Superintendent

**CELIA R. LACANLALE, Ph. D.**
OIC CHIEF - Curriculum Implementation Division

**CORNELLIUS F. DUCUT**
EDUCATION PROGRAM SUPERVISOR - LRMDS

**CHERRY G. VINLUAN.Ed.D**
EDUCATION PROGRAM SUPERVISOR - FILIPINO ELEMENTARY/SECONDARY

**APOLINARIO L. LAPUZ**
Layout Artist

**BERNARD D. LACANLALE/MICHAEL P. DY**
Illustrators

**MARIBEL P. SANTIAGO**
Writer

**REGION III OFFICE**

**MALCOLM S. GARMA, CESO V**
Director III
OIC- Regional Director

**NICOLAS T. CAPULONG, Ph.D., CESO V**
Schools Division Superintendent
OIC- Assistant Regional Director

**ELIZABETH M. PEFECTO, Ed. D.**
Chief, CLMD

**MA. EDITHA R. CAPARAS, Ed. D.**
LRMDS, Regional Education Program Supervisor

**MARIE ANN C. LIGSAY**
Filipino, Regional Education Program Supervisor

Ang kwentong ito ay tungkol sa isang batang laging pinaglalaruan ang isang asong kalye. Ngunit ang lahat ng di magandang gawaing iyon ng bata ay nagtapos nang iligtas ng asong kalye ang buhay ng bata. Dahil sa pangyayari ay natutuhan ng bata na mahalin na ang lahat ng mga hayop lalo na ang asong kalye.




Publlished by the
Department of Education
Region III, Central Luzon

**Copyright @2017**
by LG & M Corporation

**Copyright Notice:**

Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:

**"No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Phillippines. However, prior approval of the goverment agency of office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit"**